Maria Makiling

Noong unang panahon, may isang diwatang nakatira sa Bundok Makiling. Mahaba ang kaniyang buhok, matangkad, balingkinitan, at may kayumangging balat. Pinaniniwalaang tagapag-alaga ng Bundok Makiling ang diwata kaya pinangalanan siyang Maria Makiling.

Si Maria Makiling ay maawain at matulungin din. Nag-iiba siya ng anyo para malaman ang kalagayan ng mga tao.

Isang araw, may isang babaeng nangangahoy sa bundok. Dahil matanda na, nahirapan siyang buhatin ang mga nakuhang panggatong. Nakita ng diwata ang matanda at naawa siya.

Isang araw, nang muling nangahoy ang matanda ay palihim na ginawang ginto ni Maria Makiling ang mga nakuha nitong kahoy. Labis na natuwa ang matanda.

Kung may mabuti, mayroon ding masama sa mga taganayon.



Isang hapon, may dalawang lalaking nangangaso sa bundok. Nasalubong nila ang isang matandang babaeng gutom na gutom.

"Mga iho, puwede bang makahingi ng kaunting pagkain?" tanong ng babae.

"Wala kaming pagkain para sa iyo, Tanda! Hindi kami kumuha ng pagkain dito sa bundok para lang ipamigay. Layas!" sigaw ng isang lalaki.

Lumakad palayo ang matanda. Siya pala si Maria Makiling.

Samantala, habang pauwi na ang dalawang mangangaso ay may narinig silang ingay na parang alulong ng napakalaking aso. Sa sobrang takot ay nabitiwan nila ang kanilang mga bitbit at mabilis na tumakbo. Umuwi sila sa kani-kaniyang bahay nang walang pagkaing dala para sa pamilya. Natulog ang mag-anak na walang laman ang sikmura.

Naulit ang pangyayaring di-nagustuhan ng diwata. Isang mangangaso ang namaril ng anumang hayop na makita sa

gubat. Narinig ng diwata ang tunog ng baril. Agad niyang inalam ang nangyari. Laking gulat niya nang makita ang mga nagkalat na patay na hayop na isa-isang pinupulot ng mangangaso. Di-nagtagal, may narinig na iyak ang mangangaso. Nasundan ito ng isa pang iyak. Hinanap ng mangangaso kung saan galing ang iyak pero hindi niya ito makita. Gabi na kaya nagpasiya na lamang siyang umuwi. Takot na nagkuwento siya sa asawa.

Simula noon, umiwas na ang mga taganayon sa Bundok Makiling. Naniniwala ang matatanda na nagtampo ang diwata dahil sa pag-abuso ng mga tao sa mga likas na yaman. Naniniwala rin silang ang iyak na naririnig ay iyak mismo ni Maria Makiling.

Hindi na nagparamdam pa ang diwata. Sa paglipas ng panahon, napansin na lang ng mga tao ang hugis ng bundok na parang nakahigang babae. Naniniwala ang mga tao na ito ay si Maria Makiling.